Mga Bakuna sa COVID-19: Pfizer at Moderna
TAKDANG-PANAHON NG IKALAWANG DOSIS

KAILAN AKO DAPAT KUMUHA NG IKALAWANG DOSIS NG PFIZER O MODERNA?

Kung tumanggap ka ng Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19, kakailanganin mo ng 2 dosis upang makumpleto ang pangunahing serye. Ang takdang-panahon ng iyong ika-2 dosis ay depende sa iyong indibidwal na sitwasyon.

Kung ikaw ay 12-65 taong gulang:

- **Maaari kang makinabang mula sa pagkuha ng iyong ikalawang dosis 8 linggo pagkatapos ng iyong unang dosis**. Ito ay dahil sa ang pagkakaroon ng mas mahabang oras sa pagitan ng una at ikalawang dosis ay tila lumalabas na nakapagpapabuti sa bisa ng mga bakuna. Dagdag pa rito, binabawasan rin nito ang bihirang panganib ng myocarditis. Ang mga mas batang lalake (edad 12-39) ay ang may pinakamataas na panganib ng pagkakaroon ng myocarditis.
- **Kung kailangan mong maging ganap na mabakunahan sa lalong madaling panahon**, dapat mong kunin ang iyong ikalawang dosis nang mas maaga: hindi bababa sa 3 linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Pfizer at hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Moderna. Ang mga halimbawa nito ay kung may mataas na pagkalat sa komunidad kung saan ka naninirahan, nagtatrabaho, o naglalakbay; kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib sa malubhang sakit, o kung kailangan mo ito para maglakbay, magtrabaho, o mag-aral.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung hindi ka sigurado tungkol sa anong takdang-panahon ang pinakamainam para sa iyong sitwasyon.

Kung ikaw ay alinman sa mga sumusunod:

- Banayad o malubhang may mahinang imyunidad (immunocompromised)
- Edad 65 taong gulang pataas
- Edad 5 hanggang 11 taong gulang



Dapat mong kunin nang mas maaga ang iyong ikalawang dosis - hindi bababa sa 3 linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Pfizer at hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Moderna

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang Paano Mababakunahan na webpage.